

Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos
OFFICE FOR CIVIL RIGHTS (OCR)
MGA HAKBANG SA PAGHAHAIN NG REKLAMO¹

MGA BATAS NA IPINATUTUPAD NG OCR

Ipinatutupad ng OCR ang mga sumusunod na batas:

- Ang Pamagat VI ng Panukala para sa Karapatang Sibil ng 1964, na nagbabawal sa diskriminasyon ng lahi, kulay o bansa na pinagmulan.
- Pamagat IX sa Mga Amyenda sa Edukasyon ng 1972, na nagbabawal sa diskriminasyon ng kasarian;
- Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973, na nagbabawal sa diskriminasyon sa kapansanan;
- Ang Batas sa Diskriminasyon ng 1975, na nagbabawal sa diskriminasyon sa edad;
- Pamagat II sa Bataspara sa mga Amerikanong may Kapansanan ng 1990, na nagbabawal sa diskriminasyon sa kapansanan;
- Ang Batas ng Mga Boy Scout sa Amerika tungkol sa Pantay na Pagtrato, na nagbabawal sa pagtanggap sa pagtrato o iba pang diskriminasyon laban sa mga Boy Scout o ibang nasa Pamagat 36 U.S.C. na mga pangkat ng kabataan sa mga pampublikong paaralang elementarya, pampublikong paaralang sekondarya, mga lokal na ahensya ng edukasyon, at mga ahensya ng edukasyon sa estado na may nakadisenyong bukas na pagtatalakayan o limitadong pampublikong pagtatalakayan.

EBALWASYON

Susuriin ng OCR ang nakasulat na impormasyon na tinatanggap nito upang matukoy kung ang reklamo ay kailangang sumailalim sa higit pang pagpoproseso. Kung gayon, tutukuyin ng OCR kung puwede nitong imbestigahan ang reklamo. Ginagawa ng OCR ang determinasyong ito sang-ayon sa bawat alegasyon sa reklamo. Halimbawa, kailangang tukuyin ng OCR kung ang OCR ay may legal na awtoridad para imbestigahan ang reklamo; ibig sabihin, alinman sa kung ang reklamo ay alegasyon ng paglabag sa alinmang batas na ipinatutupad ng OCR. Kailangan ding tukuyin ng OCR kung ang reklamo ay isinampa sa tamang panahon. Sa pangkalahatan, ang reklamo ay dapat ihain sa OCR sa loob ng 180 araw ng alegasyon ng diskriminasyon sa petsa ng kalendaryo.² Kung ang reklamo ay hindi naihain sa tamang panahon, ang nagrereklamo ay dapat magbigay ng dahilan kung bakit nahuli at humiling ng pagsasaintabi ng hinihinging ito sa paghahain. Magpapasiya ang OCR kung pagbibigyan ang kahilingan. Bilang karagdagan, tutukuyin ng OCR kung ang reklamo ay naglalaman ng sapat na impormasyon tungkol sa alegasyon ng diskriminasyon upang makapagsimula ng imbestigasyon. Kung kailangan ng OCR ang higit pang impormasyon upang maging mas maliwanag ang reklamo, tatawagan nito ang nagrereklamo; at ang nagrereklamo ay may 20 araw sa mga petsa sa kalendaryo na panahon ng pagtugon sa kahilingan ng OCR para sa impormasyon maliban na lamang kung hihilingin ng nagrereklamo ang dagdag na panahon para makapagbigay ng impormasyon.

¹ Ang mga hakbang na ito ay buod mula sa Manual ng OCR sa Pagpoproseso ng Kaso [OCR's Case Processing Manual (CPM)]; naglalaman ang CPM ng mga mas detalyadong paliwanag sa mga pamamaraan ng OCR.

² Ang mga reklamo ng alegasyon ng diskriminasyon sa edad ay napapanahon kung naihain sa OCR sa loob ng 180 araw sa kalendaryong panahon na unang nalaman ng nagrereklamo ang naturang alegasyon.

Kabilang sa ilang mga dahilan para tanggihan ng OCR ang reklamo:

- Ang OCR ay walang legal na awtoridad para imbestigahan ang reklamo;
- Hindi naisaad ng nagrereklamo ang paglabag sa isa sa mga batas na ipinatutupad ng OCR.
- Ang reklamo ay hindi naihain sa tamang panahon (sa loob ng 180 araw ng kalendaryong nakapaloob ang naturang diskriminasyon)
- Ang mga alegasyon na isinampa ng nagrereklamo ay naresolba at kung gayon ay hindi na dapat imbestigahan.
- Isang nilagdaang form ng pahintulot ang hinihingi upang maituloy ang imbestigasyon at ang form ng pahintulot ay hindi naibigay sa loob ng 20 araw na hiningi ang nilagdaang form.

PAGBUBUKAS NG REKLAMO PARA SA IMBESTIGASYON

Kung matutukoy ng OCR na kailangan nitong imbestigahan ang reklamo, magpapadala ito ng mga liham ng pasabi sa nagrereklamo at sa inirereklamo. Ang pagbubukas ng reklamo para sa imbestigasyon ay hindi nagmumungkahi na ang OCR ay mayroon nang determinasyon tungkol sa kalakasan ng reklamo. Sa panahon ng imbestigasyon, ang OCR ay isang nyutral na tagapagsiyasat ng katotohanan. Kokolektahin ng OCR at tatayahin ang mga kaukulang ebidensya mula sa nagrereklamo, sa inirereklamo, at sa iba pang sanggunian, kung naaangkop. Titiyakin ng OCR na ang mga gagawin nitong aksyon sa imbestigasyon ay may sapat na legal na basehan, at ang mga pagpapasya ay suportado ng mga katibayan.

IMBESTIGASYON NG REKLAMO

Ang OCR ay maaaring gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagsasaliksik sa katotohanan sa imbestigasyon ng reklamo. Maaaring kasama sa mga pamamaraang ito ang pagrebisa sa mga dokumentong ebidensya na isinumite ng parehong partido, pagsasagawa ng panayam sa nagrereklamo, sa tauhan ng inirereklamo, at iba pang mga saksi, at/o ng mga pagbisita. Sa konklusyon ng imbestigasyon, tutukuyin ng OCR, kaugnay ng bawat alegasyon, kung:

- Kulang ang katibayan na sumusuporta sa konklusyon na nabigo ang inirereklamo na tumalima sa batas, o
- Higit na nakararami ang katibayan na sumusuporta sa konklusyon na nabigo ang inirereklamo na tumalima sa batas.

Ang determinasyon ng OCR ay ipaliliwanag sa isang Liham tungkol sa mga Natuklasan na ipadadala sa nagrereklamo at sa inirereklamo. Nakasaad sa Liham tungkol sa mga Natuklasan ang mga natuklasang katotohanan sa imbestigasyon at disposisyon ng mga indibidwal na kaso. Ang Liham tungkol sa mga Natuklasan ay hindi mga pormal na pahayag ng patakaran ng OCR, at hindi dapat panindigan, ulitin, o ituring na gayon. Ang pormal na pahayag ng mga patakaran ng OCR ay aprubado ng kaukulang awtorisadong opisyal ng OCR at bukas sa publiko.

RESOLUSYON SA REKLAMO BAGO ANG KONKLUSYON NG IMBESTIGASYON

Ang reklamong iniimbestigahan ay maaaring maresolba anumang oras kung, bago ang konklusyon ng imbestigasyon, ay magpapahayag ng interes ang nagrereklamo na resolbahin

ang reklamo **at** natukoy ng OCR na naaangkop na resolbahin ito dahil natukoy sa imbestigasyon ng OCR natukoy ang mga alalahanin na matutugunan sa pamamagitan ng kasunduan ng resolusyon. Sasabihan ng OCR ang inirereklamo na ang prosesong ito ng resolusyon ay boluntaryo bago magpatuloy sa resolusyon sa seksyong ito at pasasabihan ang nagrereklamo tungkol sa interes ng inirereklamo sa resolusyon. Ang mga probisyon sa kasunduan sa resolusyon ay kailangang suportado ng mga katibayang nakalap sa panahon ng imbestigasyon at dapat na sang-ayon sa mga mailalapat na {mga} batas at regulasyon. Susubaybayan ng OCR sa inirereklamo ang mga napagkasunduan sa resolusyon bago ang konklusyon ng imbestigasyon.

RESOLUSYON NG REKLAMO SA ORAS NA MATUKOY ANG PAGLABAG

Kung matutukoy ng OCR na nabigo ang inirereklamo na sumunod sa mga batas hinggil sa (mga) sibil na karapatan na ipinatutupad ng OCR, tatawagan ng OCR ang inirereklamo at sisikaping makuha ang pag-sang ayon ng inirereklamo sa boluntaryong resolusyon ng pakikipagkasundo. Kung sumang-ayon ang inirereklamo na resolbahin ang reklamo, isasaayos ito ng OCR at nang inirereklamo at lalagda ang inirereklamo sa nakasulat na kasunduan na nagsasaad ng mga tukoy na aksyong pangremedyo na kailangang isagawa ng inirereklamo upang tugunan ang (mga) paglabag na natukoy ng OCR. Babantayan ng OCR ang pagsasakatuparan ng inirereklamo sa mga salik sa resolusyon na kasunduan hanggang sa panahon na madetermina ng OCR na natutupad ng inirereklamo ang lahat ng salik sa resolusyon na kasunduan at ang (mga) batas at regulasyon na usapin sa kaso.

Kung tutol ang inirereklamo na itama ang paglabag nito sa (mga) batas at regulasyon na usapin sa kaso sa pamamagitan ng pagpasok sa isang resolusyon na kasunduan, o kung lalabag ang inirereklamo sa mga salik ng resolusyon na kasunduan at sa (mga) batas at regulasyon na usapin, ang OCR ay maaaring magsagawa ng administratibong hakbang o isangguni ang kaso sa Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice) para sa mga pamamaraan ng hukuman upang maipatupad ang mga tukoy na salik sa resolusyon na kasunduan at ang naaangkop na (mga) batas at regulasyon.

ALTERNATIBONG MGA PROSESO NG RESOLUSYON

Pamamagitan

Ang pamamagitan ay paraan ng resolusyon sa reklamo na iniaalok ng OCR bilang alternatibo sa proseso nito ng imbestigasyon. Ang pamamagitan ay impormal na pamamaraan kung saan ang tauhan ng OCR na sinanay sa pamamagitan ay aayuda sa mga partido na makagawa ng resolusyon sa reklamo ayon sa mapapagkasunduan. Ang namamagitan ay hindi magpapasiya kung sino ang tama o mali at walang awtoridad na magtakda ng dapat gawin ng mga partido.

Sa halip, ang namamagitan ay tutulong sa mga partido na makahanap ng resolusyon sa reklamo na katanggap-tanggap sa dalawa. Ang pamamagitan ay mahigpit na boluntaryong pamamaraan. Kung hindi gusto ng alinmang partido na makibahagi sa pamamagitan, tutugunan ng OCR ang reklamo sa pamamagitan ng mga regular na pamamaraan nito.

Nag-aalok ang OCR ng dalawang opsyon na nagbibigay ng pagkakataon sa mga sangkot na partido na boluntaryong resolbahin ang reklamo. Tutukuyin ng OCR, sang-ayon sa bawat indibidwal, kung ang reklamo ay angkop para sa resolusyon na mararating sa pamamagitan.

(a) Paraan ng Maagang Pamamagitan

Ang nagrereklamo na interesadong resolbahin ang kanilang reklamo sa pamamagitan ng paraan ng maagang pamamagitan **ay dapat na magsabi ng kanilang interes sa oras na maghain sila ng reklamo, alinman sa pamamagitan ng pag-tsek sa angkop na kahon sa form ng online na pagrereklamo o pagsasaad ng kanilang interes sa pagkakaroon ng maagang pamamagitan kapag ipinadala nila ang kopya ng kanilang reklamo sa OCR.** Kung matutukoy ng OCR na naaangkop ang reklamo sa paraan ng maagang pamamagitan, tatawagan ng OCR ang nagrereklamo at ang inirereklamo at iaalok ang paraang ito. Kung sasang-ayon ang inirereklamo na makibahagi sa paraan ng maagang pamamagitan, isasaayos ng OCR ang mga pag-uusap tungkol sa pagkakasunduan ng mga partido. Ang paraan ng maagang pamamagitan ay magagawa lamang sa ebalwasyon.

(b) Pamamagitan Sa Panahon ng Proseso ng Imbestigasyon

Sa panahon ng itatagal ng imbestigasyon ng OCR sa reklamo, ang nagrereklamo at inirereklamo ay maaaring magpahayag ng interes sa pagresolba nito sa pamamagitan. Kung matutukoy ng OCR na naaangkop ang pamamagitan, isasaayos ng OCR ang mga pag-uusap tungkol sa mga pagkakasunduan ng mga partido.

Ang OCR ay hindi mag-aaprubang, lalagda, o mag-susulong ng anumang kasunduang mararating ng mga partido bilang resulta ng paraan ng maagang pamamagitan o ng pamamagitan sa panahon ng proseso ng imbestigasyon, at hindi babantayan ng OCR ang kasunduan. Gayunman, kung magkakaroon ng maliwanag na paglabag sa kasunduan, maaaring maghain ang nagrereklamo ng isa pang reklamo sa OCR sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng orihinal na diskriminasyon o sa loob ng 60 araw na petsa ng pagtanggap ng nagrereklamo sa pasabi ng maliwanag na paglabag, alinman ang nasa huli.

MGA APELA

TANDAAN: Binibigyan ng OCR ng pagkakataon ang mga nagrereklamo na mag-apela ng mga tukoy na determinasyon at pagtanggap kung ang reklamo ay isinampa sa OCR bago ang Hulyo 18, 2022.

Maaaring mag-apela ang mga nagrereklamo sa (mga) determinasyon sang-ayon sa natuklasang paglabag (sub-seksyon 303(a) at mga pagtanggap sang-ayon sa mga sub-seksyon 108(c), (d), (f), at 110(a), (b) o (g) sa *Manual sa Pagproseso ng Kaso* Ang apela ay maaaring elektronikong ihain, sa pamamagitan ng koreo, o ng fax. Ang nagrereklamo ay dapat maaaring magsumite sa elektronikong paraan ng kumpletong form ng apela o magsumite ng nakasulat na pahayag na hindi hihigit sa sampung (10) pahina (double-spaced, kung tinype) sa Office of Civil Rights, U.S. Department of Education, 400 Maryland Avenue SW, Washington, D.C. 20202; kung isusumite sa e-mail ay sa OCR@ed.gov; kung fax, ay sa 202-453-6012. Ang petsa ng pagsasampa ng apela na isusumite sa pamamagitan ng koreo ay ang petsa ng postmark ng apela o nang elektronikong isinumite o nai-fax.

Sa apela, kailangang ipaliwanag ng nagrereklamo kung bakit sila naniniwalang hindi kumpleto o mali ang mga impormasyon, hindi tama ang mga legal na pagtataya, o hindi nailapat ang mga angkop na legal na patakaran, at kung paano ang pagtatama ng anumang (mga) pagkakamali ay maaaring magpabago ng kalalabasan ng kaso; ang pagkabigong gawin ito ay magreresulta sa pagsasantabi ng apela.

Kailangang maisumite ang apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo ng petsang nakasaad sa liham tungkol sa natuklasan o sa pagsasantabi. Maaaring balewalain ang 60 araw na panahon kung saan ang nagrereklamo ay hindi nakasumite ng apela sa loob ng 60 araw na panahon dahil sa pagkakasakit o iba pang sitwasyon, o dahil sa mga sitwasyon na naganap bunga ng pagkilos ng OCR na nakasama sa kakayahan ng nagrereklamo na makasumite ng apela sa takdang panahon.

Bibigyan ng OCR ng kopya ng apela ng nagrereklamo ang inirereklamo. Maaaring piliin ng inirereklamo na magsumite sa OCR ng kasagutan sa apela ng nagrereklamo. Anumang kasagutan sa apela ng nagrereklamo ay dapat isumite sa OCR sa loob ng 14 na araw ng petsa ng pagkatanggap ng inirereklamo mula sa OCR ng kopya ng apela ng nagrereklamo.

Magpapadala ang OCR sa mga partido ng nakasulat na desisyon sa apela.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Karapatang Maghain sa Korte ng Hiwalay na Aksyon

Ang nagrereklamo ay maaaring may karapatang magsampa ng kaso sa Pederal na korte, anuman ang matutuklasan ng OCR. Ang OCR ay hindi kumakatawan sa nagrereklamo sa pagpoproseso ng kaso, kaya kung nais ng nagrereklamo na magsampa ng kaso sa korte, kailangan nilang gawin ito gamit ang sarili nilang abugado o sa pamamagitan ng klerigo sa tanggapan ng hukuman.

Kung ang alegasyon ng nagrereklamo ay diskriminasyon na bawal sa Batas sa Diskriminasyon ng Edad ng 1975, ang isang sibil na aksyon sa Pederal na korte ay maisasampa lamang pagkatapos na maubos ng nagrereklamo ang lahat ng remedyong administratibo. Naubos na ang lahat ng administratibong remedyo kapag ang alinman sa mga sumusunod ay nangyari:

- 1) 180 araw na ang lumipas mula nang magsampa ang nagrereklamo ng reklamo sa OCR at walang mga natuklasan ang OCR; o
- 2) Naglabas ang OCR ng natuklasan na pumapabor sa inirereklamo. Kung mangyayari ito, kaagad na sasabihan ng OCR ang nagrereklamo at magbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa karapatang magsampa para sa pagtatama ng mali.

Pagbabawal sa Intimidasyon o Paghihiganti

Ang inirereklamo na sumasailalim sa hurikdiksyon ng Kagawaran ng Edukasyon ay hindi dapat manakot, magbanta, mamilit, o maghihiganti ang sinumang nagsasaad ng kanyang karapatan sa mga batas sa mga karapatang sibil na ipinatutupad ng OCR, o nakikipagbalikatan sa imbestigasyon. Ang sinumang naniniwalang sila ay tinakot o ginantihan ay dapat magsampa ng reklamo sa OCR.

Paggamit ng Personal na Impormasyon sa Imbestigasyon

Upang maimbestigahan ang reklamo, maaaring kailangang kolektahin at analisahin ng OCR ang mga personal na impormasyon tulad ng mga tala tungkol sa estudyante o mga tala tungkol sa empleyado.

Ang Privacy Act of 1974, 5 U.S.C. § 552a (Privacy Act), Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA), 20 U.S.C. §1232g, and the Freedom of Information Act (FOIA), 5 U.S.C. §552, ay namamahala sa paggamit ng personal na impormasyon na isinusumite sa lahat ng Pederal na ahensya at sa kanilang mga indibidwal na komponent, kabilang ang OCR. Pinoprotektahan ng Privacy Act (Batas sa Pagkapribado) ang mga indibidwal laban sa maling paggamit ng personal na impormasyong hawak ng gobyernong Federal. Sakop nito ang mga tala na minimintena ng Pederal na pamahalaan at nakukuha sa isang sistema ng mga pagtatala ng pangalan ng indibidwal, numero ng social security, at iba pang pantukoy. Nireregula nito ang pagkalap, pagmintena, paggamit, at pagbabahagi ng personal na impormasyon sa mga tala na naroroon sa mga sistema ng pagtatala ng Pederal na pamahalaan.

Ang impormasyon na kokolektahin ng OCR ay tatayahin ng awtorisadong tauhan ng ahensya at gagamitin lamang ng OCR para sa mga awtorisadong pagtalima sa mga karapatang sibil at sa pagsasakatuparan ng mga gawain. Gayunman, upang maimbestigahan o maresolba ang reklamo, maaaring kailangang isiwalat ng OCR ang ilang impormasyon sa mga taong nasa labas ng ahensya upang beripikahin ang mga katotohanan o upang mangalap ng karagdagang impormasyon. Maaaring kasama sa mga naturang detalye, halimbawa, ang pangalan, edad, o pisikal na kondisyon ng tao na sinasabing nakatanggap ng diskriminasyon. Gayundin, maaaring kailanganin ng OCR na magsiwalat ng impormasyong hihilingin sa ilalim ng FOIA, na nagbibigay sa publiko ng karapatang makita ang mga tala ng mga Pederal na ahensya. Gagawin lamang ang pagsisiwalat sang-ayon sa Privacy Act, FERPA, and FOIA.

Ang OCR ay maaaring maglabas sa press o sa pangkalahatang publiko ng mga tukoy na impormasyon tungkol sa iyong reklamo, kasama ng pangalan ng inirereklamo; petsa ng paghahain ng reklamo, uri ng discriminyong nakasaad sa reklamo; petsa nang naresolba ang reklamo, sinantabi, o sinara; mga pangunahing dahilan sa mga desisyon ng OCR; o iba pang kaugnay na impormasyon. Sa alinmang impormasyon na ilalabas ng OCR sa press o sa pangkalahatang publiko ay hindi kasama ang pangalan ng nagrereklamo o ang pangalan ng taong alang-alang sa kanya ay isinampa ang reklamo.

Binibigyan ng FOIZ ng karapatan ang publiko na makita ang mga tala ng mga Pederal na ahensya. Maaaring makuha ng mga indibidwal ang mga aytem mula sa maraming kategorya ng mga tala ng Pederal na pamahalaan, hindi lamang ang mga materyal tungkol sa kanilang personal na impormasyon. Kailangang igo ang OCR ang mga kahilingan para sa mga tala sa ilalim ng FOIA, kasama ng ilang mga eksepsyon. Kung ang mga tala ay sumasailalim sa Privacy Act, kailangang hingin ang mga ito sa ilalim ng FOIA. Sa pangkalahatan, hindi hinihingi sa OCR na maglabas ng mga tala sa panahon ng pagtataya at imbestigasyon ng kaso o ng pagsasakatuparan ng mga pamamaraan, kung ang paglalabas ay maaasahang makakahadlang o makakaapekto sa kakayahan ng OCR na gawin ang trabaho nito. 5 U.S.C. § 552(b)(7)(A). Gayundin, hindi hinihingi sa isang Pederal na ahensya na maglabas ng mga tala kung ang mga dokumentong ito ay wala pang mga desisyon na sasailalim sa ilang mga pribilehiyo ng litigasyon. See 5 U.S.C. § 552(b)(5). Maaaring tanggihan ng Pederal na ahensya ang paghingi ng mga tala kung ang paglalabas nito ay maaasahang magreresulta sa hindi karapat-dapat na panghihimasok sa pagkapribado ng indibidwal. 5 U.S.C. § 552(b)(6) and (7)(C). Gayundin, ang kahilingan sa ibang mga tala, tulad ng mga talang medikal, ay maaaring tanggihan kung ang pagsisiwalat ay maliwanag na hindi karapat-dapat na panghihimasok sa pagkapribado.